



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIX Blg. 14

Hulyo 21, 2008

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Mag-ilon ng lakas para sa mapagpasyang laban sa rehimeng

Walang anumang palatandaan na papayag si Gloria Arroyo na basta na lamang lumisan sa Malacañang pagkatapos ng kasalukuyan niyang termino. Katunayan, ang lahat ng mga hakbang niya ngayon ay nakatuon sa patuloy na panguugnayapit at higit na pagpapakasa sa kapangyarihan. Subalit sa katuus-tuusan, bibiguin siya ng lumalabang mamamayan.

Kabi-kabıla ang pagsisikap ni Arroyo na linlangin ang mamamayan, habang paspasang nag-ilon ng bilyun-bilyong pondo para sa iba't iba niyang pakana para makapanatili sa poder. Kalinsabay, inihahanda na rin ni Arroyo ang higit pang persistang panunupil laban sa nagpapanibagong-lakas at inaasahang mag-iibayo pang mga pagkilos laban sa kanyang patuloy na paghahari.

Araw-araw, nag-iisip sina Arroyo at kanyang mga alipures ng bagong mga pakana na kunwa'y para sa naghihirap na mamamayan, pero sa katunaya'y para lamang sa sari-ling interes at pagpapatagal pa sa kapangyarihan ng kani-lang pangkatin. Ang mga ito ay dili iba't mga pakulo para

palabasing inaalalayan ng Malacañang ang mamamayan sinasaklot ng kahirapan. Ibinubulsa lamang nina Arroyo ang bulto ng bilyun-bilyong pisong pondong "pansubsidyo" mula sa "Katas ng VAT" at iba pang rekuadro ng bayan katulad ng ginawa nila sa "fertilizer fund" at iba pang katulad na malalaking pondo sa nakaaraan.

Tanda ng marami pang anomalyang pinaghahandan ni Arroyo ang pagtatalaga ngayon sa tapat niyang



Mga tampok sa isyung ito...

Walang awat na mga kilos protesta PAHINA 4

12 armas nasamsam sa Davao delsur PAHINA 4

Arroyo, ginulantang ng mga TO sa Masbate
PAHINA 8

alipures na si Romulo Neri upang mamuno sa Social Security System (SSS) at National Social Welfare Program (NSWP). Ilang ulti nang pinatunayan ni Neri na "habambahay" niyang itatago ang mga anomalya ni Arroyo. Kaya naman siya itinalaga sa mga ahensyang ito, na inaasahang mapagkukunan ng malaki pang pondo para sa gamit ng kanyang amo.

Subalit alam na alam din ni Arroyo kung gaano na siya kinamumuhan ng mamamayan. Alam niyang di na niya mapasasakay ang mamamayan sa kanyang mga panloloko. Malalim ang pagbatid ng mamamayan na walang ibang layunin ang mga pakulo ni Arroyo kundi ang lokohin sila sa pamamagitan ng mga "tulong" upang pahupain ang kanilang galit at ilayo sila sa landas ng paglaban, at lalo pang makapagnakaw at makapangunyapit sa poder sina Arroyo. Bunga ng mga ito, lalong nabubuo ang determinasyon ng mamamayan na isulong ang kanilang pakikibaka para wakasan ang paghahari ni Arroyo.

Sa laki ng kanyang pangamba na ang galit na galit na mamamayan ay maaaring makapagtapon ng mapagsyang lakas laban sa kan-

ya, paspasang gumagawa ngayon si Arroyo ng karagdagang mga paraan para sistematikong magamit ang kanyang mga pwersang panseguridad at militar laban sa mga tumututol. Sa gayon, mapapawi niya ang mga sagka sa kanyang patuloy na paghahari. Para sa kanya, ang pagpapakilos sa militar ang pinakasolusyon kapag lalo pang sumidhi ang krisis, lubusan nang mawalan ng bisa ang kanyang mga kasingnalingan at panlilinlang, at mag-ibayo ang galit at paglaban ng mamamayan.

Sa pamamagitan ng Executive Order 731, itinalaga ni Arroyo ang Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP) para subaybayan ang kalagayang panseguridad sa harap ng lumalang krisis sosyo-ekonomiko na ibayo pa niyang pinasasahol. Pinirahan ni Arroyo ang EO 731 noong Hunyo 7 ngunit isinapubliko lamang ito noong Hulyo 11, nang magsimulang pumutok ang mga kilos-protesta sa iba't ibang mga kampus sa Metro Manila at sa tapat ng mga upisina ng mga kumpanya ng langis.

Sa pamamagitan ng bagong kautusan ni Arroyo, asahang pag-

iibayuhin ng mga ahenteng paniktik ng militar ang pagmamanman sa mga paaralan, pabrika, upisina, komunidad at iba pang lugar sa kaulunsuran at kanayunan. Pinakamimum na layunin ni Arroyo ang pagsindak sa mamamayan at kanilang mga progresibong lider at aktibista, at pagpigil sa kanilang paglulunsad ng mga aksyon upang ipahayag ang kanilang mga daing laban sa walang tigil na pagtaas ng presyo ng langis, mababang sahod, pagtaas ng matrikula, paglala ng kahirapan at pagpapatuloy ng kanyang paghahari.

Tiyak na gagamitin din ang mga ahenteng militar sa pagmamanman sa mga taong-simbanan, abugado, negosyante, taong-midya, kritikal na pwersang militar, at maging mga kagawad ng mga korte at iba pang ahensya ng gubyerno tulad ng Commission on Human Rights na pumapanig sa mamamayan laban sa mga bulok at pasistang patakaran ni Arroyo.

Ang pagtatalaga sa ISAFP para subaybayan ang kasalukuyang krisis ay sumusuhay sa nauna nang deployment ng mga sundalo ng Philippine Army maging sa mga komunidad sa Metro Manila kung saan aktibong kumikilos ang mga progresibong organisasyon at malakas ang kilusang protesta ng mamamayan.

Kung kinakailangan ay gagamitin na rin ni Arroyo ang mga pwersang panseguridad at militar para maglunsad ng lantaran at lihim na karahasan laban sa sinumang lumalaban sa kanyang rehimene.

Ang lalo pang pagtindi ng panlilinlang at panunupil sa mamamayan ang pinakahuling baraha ni Arroyo sa pagpumilit niyang makapanatili sa kapangyarihan. Nasa kapisahan ng mamamayan ang pagwawakas sa bulok, pahirap at mapanupil na paghahari ng pangkating Arroyo sa lalong madaling panahon. Dapat ituon ng mamamayan

ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 14 Hulyo 21, 2008

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	
Mag-ipon ng lakas	1
Pagtatalaga kay Neri sa SSS, kinundena	3
Walang awat na mga protesta	4
Matatagumpay na TO	
12 armas nasamsam sa Davao del Sur	5
OBL2, bigo sa Eastern Visayas	6
Arroyo, ginulantang ng mga TO sa Masbate	6
Mga TO sa Eastern Visayas	7
Pananalanta ng pasistang estado	
Magkapatid, bihag ng militar	8
Sa ibayong dagat	
Adyenda ng G8	10
Pulong ng G8, inulan ng protesta	11
Welga ng mangsingisa	12
Mga komuna sa Nepal	13
Balita	14

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

at ng kanilang mga organisasyon ang atensyon at pagsisikap sa pagpupundar at pagbuhos ng nagkakaisang lakas, tapang at determinasyon upang mapagpasyang makipagtuo sa rehimeng Arroyo.

Sa harap ng papatinding panunupil, dapat pagibayuhin ng mamamayan at mga aktibista ang kanilang pagiging mapantlikha, mapangahas at mapagpur-sige upang epektibong malabanan ang mga imbing tangka ng rehimeng Arroyo sa lahat ng krimen nito sa bayan at natutulungan ang mamamayan sa kanilang pakikibaka upang tuluyang mawakasan ang paghahari ni Gloria Arroyo.

Kaalinsabay nito, dapat pag-ibayuhin ng mga armadong rebolusyonaryong pwersa ang pagsusulong ng digmang bayan. Dapat padalasin pa ang mga taktikal na opensiba sa buong bansa upang pahinain ang kapasidad ng militar na supilin ang mga demokratikong pagkilos ng mamamayan at suhayan ang naghihingalo ngunit nangungunyapit pang rehimeng Arroyo. Sa bawat matagumpay na taktikal na opensiba, naparurusahan ang rehimeng Arroyo sa lahat ng krimen nito sa bayan at natutulungan ang mamamayan sa kanilang pakikibaka upang tuluyang mawakasan ang paghahari ni Gloria Arroyo.

AB

Pagtatalaga kay Neri sa SSS, kinundena

Kaliwa't kanang batikos ang inani ni Gloria Arroyo sa pagtatalaga niya kay Romulo Neri bilang bagong pinuno ng Social Security System (SSS) simula ngayong Agosto 1 at paghirang sa kanya bilang pinuno ng National Social Welfare Program (NSWP). Ayon sa Bayan Muna, ang bagong mga pwesto ni Neri ay "gantimpala" sa kanyang pagtagtago ng katotohanan sa anomalyang NBN-ZTE.

Binatikos din ng unyon ng mga empleyado ng SSS ang paghirang kay Neri at ang panggigipit ng rehimeng Arroyo sa dating presidente ng SSS na si Corazon dela Paz. Matagal at paulit-ulit nang pinepresyur ng rehimeng Arroyo si Dela Paz na magbitiw sa pwesto, hanggang maging dahilan ang pagkakasakit niya nitong mga huling buwan para magbitiw na nga. Ayon sa unyon, ginipit ni Arroyo si Dela Paz dahil tumanggi siyang gamitin ng rehimeng Arroyo ang pondo ng SSS sa programang "subsidyo sa edukasyon" ni Arroyo. Tumanggi rin umano siya noon na gamitin ang pondo para itulak ang *national ID system*. Pinaspasan ng rehimeng Arroyo si Dela Paz habang nagpapagamot siya sa labas ng bansa noong Hunyo.

Kaagad pagkasang-ayon ni dela Paz na magbitiw na at bago pa isapubliko ang paghalili ni Neri sa kanya, paspasang binuo ni Arroyo ang Administrative Order 232 (AO 232) na nagbibigay sa presidente ng SSS ng ranggong pang-gabiente at pamumuno sa NSWP. Isinapubliko na lamang ang AO 232 sampaung araw bago ianunsyo ang pag-

tatalaga kay Neri sa SSS.

Babala ng unyon, masusi nilang babantayan ang lahat ng mga kilos ni Neri sa SSS. Sa pangunguna ng unyon, napatalsik ang isang presidente ng SSS noon at hindi malayong muli nila itong gawin.

Nakiisa ang mga demokratikong organisasyon, laluna ang Kilusang Mayo Uno (KMU), sa militanteng pagbabantay ng unyon ng SSS. Marami sa mga myembro ng KMU, katulad ng maraming manggagawa sa pribadong sektor, ang buwanang naghuhulog sa SSS.

Batid nila at ng mamamayan na ang paglalagay kay Neri sa SSS at NSWP ay paraan lamang para mapadali ang pagmamaniobra nina Arroyo sa pondo ng mga ito. Para rito ay gagamitin ni Arroyo ang NSWP na magsisilbing daluyan ng pondo mula sa SSS, Government Service Insurance System (GSIS), Department of Social Welfare and Development at Department of Health.

Bukod sa iba't ibang manipulasyon sa pamamagitan ni Neri para magamit sa mga pakana nina Arroyo ang mahigit ₱248 bilyong pondo ng SSS, dadambungin ang tina-

tayang aabot sa ₱45 bilyon pang pondo ng NSWP, katulad ng pagdambong sa *fertilizer fund* at iba pang pondong "pansubsidy" ng Malacañang. Gagamitin ng rehimeng Arroyo ang pondo ng NSWP para magpaka-sasa at manuhol upang matiyak ang katapatan ng mga alipures nito at ng mga lokal na upisyal laluna pagsapit ng eleksyon. Ipamamahagi ito ng rehimeng Arroyo sa forma ng mga "subsidyo" at sa mga pakitang-taong programang kontra-kahirapan.

Nito lamang Hulyo 15, inianunsyo ni Arroyo ang paglalaan ng karagdagang ₱4 bilyon sa programang "Katas ng VAT" ng rehimeng Arroyo. Kabilang dito ang dagdag na ₱1 bilyong subsidyo para sa mga tina-guriang "Pantawid kuryente," para sa mga pamilyang kumukonsumo ng di lalampas sa 100 kWh na kuryente sa labas ng Metro Manila; ₱1 bilyong "pautang pangkabuhayan" sa mga asawa o myembro ng pamilya ng mga opereytor at drayber ng mga pambublikong sasakyang; ₱500 milyon para sa pag-aayos ng mga ospital sa malalayong lugar; at ₱500 milyong "tulong" sa mata-tandang 75 anyos pataas na hindi nabibiyayaan ng pensyon ng SSS at GSIS. May ₱1 bilyon pa umano para sa pagkukumpuni ng mga impiastrokutrang nasira ng nagdaang bagyong "Frank."

AB

Tugon sa walang awat na pagtaas ng presyo ng langis

Walang awat na mga kilos-protesta

Sunud-sunod na kilos-protesta ang inilunsad nitong nagdaang mga araw, laluna ng mga kabataan, laban sa tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo at sa pagtanggi ng rehimeng Arroyo na alisin ang ipinapataw nitong buwis sa mga ito.

Papalaki at papadalas na mga kilos-protesta ng mga kabataan.

Umabot sa mahigit 5,000 estudyante at kabataang di nakapag-aa-aral ang nagmartsa patungong Mendiola nitong Hulyo 18. Sa panawagan "Kabataan at Bayan, Mag-ak-las," nag-walkout ang libu-libong estudyante mula sa kani-kanilang eskwelahan. Iginiiit nila ang pagbabasura sa *value added tax* (VAT) sa langis, ang pagbabasura sa Oil Deregulation Law at ang pagsasabatas sa ₱125 *across-the-board* numento sa sahod.

Malayo pa sila sa Mendiola ay hinarang na sila ng mga pulis. Tumundo sila sa Mehan Garden at do-on naglunsad ng programa. Kabilang sa programa ang mga dulang kalye at mga awitin. Nagsagawa ng alternatibong paaralan sa lansangan ang mga estudyante kung saan pinag-aran ang bulok na sistema ng lipunang Pilipino.

Kasabay ding naglunsad ng pagkilos ang mga estudyante sa mga unibersidad sa Baguio City, Cebu City, Davao City, Negros Occidental at Negros Oriental. Sa Baguio City, umabot sa 1,000 estudyante na pawang nakapula ang nagmartsa sa mga kalsada. Nagawa nilang makapagtapon sa Malcolm Square sa kabilang ng malakas na buhos ng ulan at ng tatlong tangkang panghaharang ng mga pulis sa Session Road at Magsaysay Avenue.

Ang demonstrasyong ito ang ikalawang malaking kilos-protesta ng mga kabataan sa loob ng sampung araw. Noong Hulyo 10, na idineklarang National Youth Action Day, libu-libo ring estudyante ang

nag-walkout sa mga klase sa pangunguna ng Youth for Truth and Accountability Now (Youth Act Now) at ng mga myembrong organisasyon nito tulad ng Anakbayan, League of Filipino Students, Student Christian Movement, Kabataang Pinoy, Youth Revolt, National Union of Students in the Philippines at College Editors Guild of the Philippines.

Lumahok ang libu-libong estudyante ng University of the Philippines, Polytechnic University of the Philippines, Philippine Christian University at Adamson University. Lumahok din sa mga pagkilos ang mga estudyante mula sa Ateneo de Manila, De La Salle University at University of Santo Tomas, gayundin ang mga mag-aaral mula sa Jose Rizal University, Lyceum of the Philippines, University of the East-Manila, pati na ang mga estudyante mula sa Sauyo, Culiat at Quirino High School. Nagkaroon sila ng programa at iba pang aktibiti-

dad sa kani-kanilang eskwelahan bago magtipon sa España Avenue sa Maynila at magmartsa patungong Mendiola Bridge (Don Chino Roces Bridge ngayon). Ang iba namang mga estudyante ay nagtipon sa tapat ng University of Santo Tomas sa España. Sinunog nila ang isang *effigy* ni Arroyo.

Hinarang ng mga pulis ang mga estudyante sa Mendiola kaya sa Morayta Avenue sila nagdaos ng programa.

Noon namang Hulyo 3, umabot sa 3,000 estudyante ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) ang nag-walkout mula sa kani-kanilang mga klase at nagmartsa patungong Mendiola. Isang linggo bago ito, napilitan ang administrasyon ng PUP na isauli sa mga estudyante ang dating siningil nitong ₡250 na *developmental fee* matapos magmartsa ang halos 2,000 estudyante sa upisina ng Commission on Higher Education sa Pasig City.

Nag-aalimpuyong mga protesta sa mga upisina ng kumpanya ng langis. Sunud-sunod na mga protesta ang inilunsad ng mga manggagawa at iba pang sektor sa





tapat ng mga upisina ng mga kumpanya ng langis upang ipakita ang matinding galit ng mamamayan sa sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng mga produktong langis.

Sinugod at binarikadahan noong Hulyo 14 ng mga myembro ng mga progresibong organisasyon sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) ang upisina ng Pilipinas Shell sa Valero Street, Salcedo Village, Makati City. Lumahok din sa kilos-protesta ang mga kasapi ng Anakbayan, Kilusang Mayo Uno, Migrante at iba pang mga organisasyon. Pinagbabato nila ng pintura at pinintahan ang pader ng gusali ng Shell ng mga mensaheng tulad ng *"Oust Gloria"* at *"No to oil price hikes."* Tinangkang harangan ng mga gwardya ng Shell ang mga nagpoprotesta. Tumagal nang ilang minuto ang protesta.

Noong Hulyo 11 naman, nilusob ng mga estudyante sa pangunguna ng Anakbayan ang panguna-hing upisina ng Petron Corp. sa Gil Puyat Avenue sa Makati City. Pinagbabato nila ng grasa ang upisina ng Petron. Partikular na daing ng mga estudyante ang hirap na dinaranas ng kanilang mga magulang upang makaagapay sa lalong tumataas na presyo ng mga bilihin dulot ng hindi maawat na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo.

Noong Hulyo 5, binato ng kamatis ng mga kasapi ng BAYAN ang upisina ng Pilipinas Shell sa Makati City upang tutulan ang panibagong pagtataas ng presyo ng langis noong araw na iyon.

Kumakalat na protesta sa buong bansa. Noon ding Hulyo 11, inilunsad ang 18 araw na protestang *caravan* sa pangunguna ng Anakbayan-Southern Tagalog mula sa Los Baños, Laguna. Kasama sa *caravan* ang Southern Tagalog Cultural Network at iba pang organisasyon ng kabataan. Dala-dala ng *caravan* ang mga isyu ng mataas na matrikula, presyo ng mga produktong petrolyo at ng mga bilihin tulad ng bigas.

Nakatakdang dumaan ang *caravan* sa Rizal, Quezon at Batangas upang manghimok ng mas marami pang kabataan na sumali sa protesta. Nakatakdang magtapos ang *caravan* sa Quezon City sa Hulyo 28 kung saan sasama sila sa iba pang organisasyon sa protesta sa araw ng State of the Nation Address ni Gloria Arroyo.

Samantala, inilunsad ngayong buwan ang isang *signature campaign* para ibasura ang Oil Deregulation Law at ang VAT sa mga produktong petrolyo. Umiikot ang kampanya sa mga terminal ng dyip at traysikel iba pang pampublikong lugar. Sa Legazpi City, isinasagawa ang lingguhang *noise barrage* sa pangunguna ng mga progresibong organisasyon laban sa walang patid na pagtaas ng presyo ng langis. AB

12 armas, nakumpiska sa reyd sa Davao del Sur

Tabindalawang armas ang nasamsam nang salakayin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang isang higanteng minahan sa Davao del Sur nitong Hulyo. Bago ito, isang pulis ang napatay at walang iba pang elemento ng kaaway ang nasugatan sa lima pang taktikal na opensiba ng BHB sa iba't ibang dako ng kapuluan nitong buwan.

Hulyo 19, hatinggabi. Sinalakay ng isang platon ng BHB ang *drilling site* ng Sagittarius Mines sa Sitio Datal Ngabong, Barangay Kimlawis, Kiblawan, Davao del Sur at kanilang dinisarmahan ang mga gwardya. Ang nasamsam na mga armas ay kinabibilangan ng 10 *shotgun*, isang M1 Garand at isang kalibre .38 rebolber.

Labindalawang oras makaraan ang pagsalakay na ito, dalawang sundalo ng isang platon ng 1002nd Brigade ang nasugatan nang makasagupa nito ang BHB sa bayan ng Malita. Walang naiulat na kaswalti sa panig mga Pulang gerilya.

Hulyo 14, alas-8:30 ng umaga. Isang pulis ang napatay at dalawang iba pa ang nasugatan nang lusubin ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang detatsment ng pulis sa Sitio Nalibistan, Barangay Dumagdang, Labo, Camarines Norte.

Hulyo 13, alas-11 ng umaga. Nasugatan ang dalawang troopa ng 1001st Brigade ng Philippine Army nang pasabugan sila ng bomba ng mga gerilya ng BHB habang nagpapatrulya sa Barangay New Leyte, Maco, Compostela Valley.

Hulyo 11. Isang sundalo ang nasugatan sa isang engkwentro sa pagitan ng mga nagpapatrulyang elemento ng 61st IB ng Philippine Army at mga gerilya ng BHB sa Barangay Pinggot, Ilog, Negros Occidental.

Noong araw ding iyon, isang sundalo ang nasugatan sa inilunsad na reyd ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa detatsment ng 42nd Division Reconnaissance Company sa Barangay Katipunan, Veruela, Agusan del Sur.

Samantala, ayon sa pinakahuling ulat na natanggap ng AB, 18 armas at hindi siyam lamang ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng BHB nang salakayin nila ang istasyon ng pulis sa Banay-Banay, Davao Oriental noong Hulyo 3. AB



OBL2, patuloy na nabibigo sa Samar

Bigo ang Oplan Bantay Laya 2 (OBL2) sa layunin nitong wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa Samar, ang pangunahing target nito sa rehiyon ng Eastern Visayas ngayong taon. Walang ginawa ang 8th Infantry Division ng Philippine Army kundi magpalabas ng *press release* hinggil sa kanilang mga tagumpay umano laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang totoo, dumarami ang kaswalti ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at wala pa itong nawawasak kahit isang yunit ng BHB sa isla.

Sa loob ng pitong buwan mula Enero hanggang Hulyo, di bababa sa 43 sundalo ang napatay sa mga taktikal na opensiba ng BHB sa isla, ayon pa lamang sa mga panimuslang ulat. Sa kabilang banda, tat-

long Pulang mandirigma ang nagbuwis ng buhay sa parehong panahon. Maging sa pangmatagalang panahon, mula 2005 hanggang Abril 2008 ay siyam na gerilya ng BHB ang nagbuwis ng buhay samantalang 129 sundalo naman ang napatay. Mula noon hanggang ngayon ay parehong 1:14 ang resyo.

Sa larangan ng pulitika, lalo lamang nahihiwalay ang rehimeng Arroyo at ang militar nito sa mamayan dahil sa pananalanta ng OBL 2. Dahil sa pampolitikang panunupil kasabay ng sosyo-ekonomikong krisis, lalong lumalakas ang suporta ng mamayan sa BHB. Patuloy na umuunlad ang kakayahang sa pakikipaglaban ng mga pwersa ng BHB sa Samar at naka-paggapalawak ito sa gitna ng pakikipaglaban sa OBL2.

Samantala, ang buong pwersa ng BHB sa Leyte ay nananatiling matatag at nakapaggapalawak pa sa 14 na baryo at apat na bayan nitong Abril, taliwas sa ipinangangalandakan ng 8th ID na nadurog na nito ang mga pwersa ng BHB sa isla.

Nasa wastong landas ang mga Pulang mandirigma ng BHB sa Eastern Visayas hindi lamang sa paggapi sa OBL2 kundi sa pagpapalakas ng pakikidigmang gerilya bilang suporta sa pakikibaka ng sambayanan para wakasan na ang pasista, korap at tutang rehimeng Arroyo. **AB**



Pagbisita ni Arroyo sa Masbate, ginulantang ng mga taktikal na opensiba

Sinabayan ng mga taktikal na opensiba ang mismong araw ng pagbisita at pulong ni Gloria Arroyo at kanyang gabinete sa Placer, Masbate nitong Hulyo 15. Tinambangan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang nagpapatrulyang mga tropa ng 9th ID sa Barangay Villafuerte, Uson mga alas-10 ng umaga. Isang sarhento ang napatay at isang sundalo ang nasugatan sa ambus.

Inilunsad ang ambus sa mismong kalsadang daraanan sana ng komboyo nina Vice President Noli de Castro at mga upisyal ng gabinete papuntang Placer. Napilitan silang sumakay sa anim na helikopter upang makadalo sa pulong.

Dalawang sundalo naman ang nasugatan nang ambusin ng mga gerilya ng BHB ang mga elemento ng Philippine Army at CAFGU sa Barangay Managanaga, Mandaon bago mag-alas-4 ng hapon.

Upang hindi masyadong mapahiya, nag-imbento ng balita ang Philippine Army sa Bicol na ayon sa kanilang yunit paniktik, mula pa noong Hunyo 27 ay nagpadala ang pamunuan ng BHB sa Eastern Visayas ng mahigit 200 elemento ng BHB sa Masbate upang dagdag umano ang pwersa ng BHB sa isla. Taliwas ito sa ipinangangalandakan ng AFP na nadurog na nila ang mga pwersa ng BHB sa Leyte at Samar. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo.*)

Tinambakan ng 400 mga tropa ang dating 120 lamang na elementong militar na nakahimpil sa isla bago ang pagbisita ni Arroyo. Sa kabilang nito, matagumpay pa ring nailunsad ang mga taktikal na opensiba.

Ang serye ng mga taktikal na opensiba ay parusa kay Arroyo sa lalong pagpahirap niya sa naghihihikahos na sambayanan, ayon kay Greg Bañares, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol.

AB



Walang puknat ang mga taktikal na opensiba sa Eastern Visayas

Pinabubalaanan ng sunud-sunod na mga taktikal na opensiba sa Eastern Visayas nitong mga nagdaang buwan ang mga pahayag ng AFP na durog na ang rebolusyonaryong kilusan sa naturang rehiyon. Ayon sa mga ulat na natipon ng *Ang Bayan (AB)*, 13 malalakas na armas ang nasamsam ng BHB, bukod sa iba pang kagamitang militar mula Enero hanggang Hulyo.

Sumusunod ang mga taktikal na opensiba sa tatlong prubinsya ng isla ng Samar noong panahon ding iyon na hindi pa naiuuulat sa *AB*:

Noong Hulyo 7, halos malipol ng isang yunit ng Rodante Urtal Command ang isang iskwad ng 20th IB nang tambangan ito ng BHB sa Kilometer 11, Barangay Happy Valley, San Isidro, Northern Samar. Di bababa sa limang sundalo ang napatay at malubhang nasugatan ang iba. Nakumpiska ng BHB ang dalawang ripleng M16, halos 300 bala, pitong bakpak, isang GPS receiver at iba pang gamit-militar. Walang naging kaswalti sa panig ng BHB.

Ang 20th IB ay responsible sa pananakot at pagsalbeyds sa mga pinagbibintangang kasapi at simpatisador ng BHB sa mga baryo ng Catarman, Lope de Vega, San Isidro at iba pang bayan.

Noong Hulyo 3, dalawang elemento ng 34th IB ang nasugatan sa operasyong isnayp ng mga Pulang mandirigma ng Jovito Ragay Command sa Barangay Buluan, Calbiga, Samar. Isang sundalo namang ng 46th IB ang napatay sa matagumpay na operasyong harasment ng BHB sa Barangay Caguipsipan, Catbalagan, Samar noong Hunyo 10.

Sa Motiong, Samar, isang sundalo ang napatay at isa pa ang nasugatan nang makaengkwentro ng

mga Pulang mandirigma ng Arnulfo Ortiz Command ang isang platun ng 46th IB sa Barangay Sto. Niño noong Mayo 17. Dalawang ripleng M14 din ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma. Walang kaswalti sa panig ng BHB.

Isang sundalo naman ng 453rd Engineering Construction Brigade ang napatay sa ambus ng mga Pulang mandirigma ng Silvio Pajares Command noong Mayo 17 sa Barangay Imelda, Lapinig, Northern Samar.

Sa loob ng halos 20 minuto, hinaras ng mga Pulang mandirigma

ng Efren Martires Command at Arnulfo Ortiz Command ang hedkwarters ng Alpha Company ng 46th IB sa Barangay Calapi, Motiong, Samar noong Abril 24. Noon namang Abril 12, hinaras ng isang yunit ng Rodante Urtal Command ang himpilan ng isang kumpanya ng 52nd IB sa Barangay Salvacion, San Isidro, Northern Samar. Di mabilang ang kaswalti ng kaaway.

Dalawang sundalo naman ang napatay sa operasyong harasment at isnayping ng Nida Cantong Command laban sa mga nag-ooperasyong tropa ng 20th IB noong Abril 12 sa Barangay San Julian, Catarman, Northern Samar.

Noong Marso 24, walang sundalo ang napatay sa Barangay Cagtoog, Oras, Eastern Samar nang mapangbabawan ng may 30 Pulang

mandirigma ng Lopito Mengote Command ang tangkang pagreyd ng mahigit 50 nag-ooperasyong tropa ng Bravo Company, 14th IB. Unang nakapagpaputok ang BHB at naka-pagreimpors ang isa pang yunit ng pwersang gerilya na nasa malapit lamang. Isang Pulang mandirigma ang namartir sa isa't kalahating oras na labanan.

Napatay namang si Dexter Muros, dating tinityente ng 14th IB, sa isinagawang operasyon ng Sergio Lobina Command noong Marso 23, sa Oras, Eastern Samar. Si Muros ay





aktibo sa mga operasyon ng kawayan at marami nang pinatay at pinahirapang sibilyan. Noon namang Marso 20, isang sundalo ang napatay at isa pa ang nasugatan nang isnaypin ng mga Pulang mandirigma ng Serafin Pasimos Command ang isang iskwad ng 46th IB sa San Jorge, Samar.

Inambus naman ng Arnulfo Ortiz Command noong Marso 3 ang isang iskwad ng 46th IB sa Barangay Maypange, Motiong, Samar. Apat na sundalo ang napatay at tatlo pa ang nasugatan kasama ang kumander ng yunit na si Lt. Leonard Orbase. Tatlong M16, isang M14, at dalawang maiigsing baril ang nasamsam ng BHB.

Noon namang Pebrero 11, inisnayp ng mga Pulang mandirigma ng Arnulfo Ortiz Command ang isang iskwad ng Alpha Coy, 46th IB sa Barangay Malubago, Motiong, Samar na naglulunsad ng operasyon RSOT. Natutulog noon ang militar sa isang bahay na walang ibang tao nang isnaypin sila. Nasugatan sa likod ang isang sundalo. Sa sobrang takot, kaagad na lumisan ang mga sundalo at pinit na magbakwit ang mga taumbaryo para magamit bilang pananggalang.

Anim na sundalo naman ang napatay nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma ng Arnulfo Ortiz Command noong Pebrero 9 sa Villareal, Samar. Noong Pebrero 5, inisnayp ng mga Pulang mandirigma ng Serafin Pasimos Command ang isang iskwad ng Alpha Coy, 46th IB na nasa Barangay Mobo-ob, San Jorge, Samar. Isa ang napatay at isa pa ang nasugatang sundalo.

Noong Enero 12, dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma ng Rogelio Bantilo Command ang kapitan ng Barangay Magtuad, Catubig, Northern Samar, at tauhan ng isang pulitiko. Isang M1 Garand ang nasamsam mula sa kanya. AB



Magkapatid na Gumanoy, bihag ng militar

Pinabulaanan ng ina ng dalawang dalagang dinukot ng militar ang sinasabi ng AFP na kusang-loob na nananatili sa poder nito ang kanyang mga anak.

Iginigiit ni Maria Gumanoy na dinukot at isinailalim ng militar sa matinding tortyur at sikolohikal na presyur ang mga anak niyang sina Rose Ann, 21 at Fatima, 17. Si Gng. Gumanoy ang byuda ni Eduardo "Eddie" Gumanoy, lider-magsasaka sa Southern Tagalog na dinukot at pinaslang ng "death squad" ni Gen. Jovito Palparan noong Abril 2003.

Ang magkapatid ay dinukot ng militar noong Hulyo 3 habang nasa byahe para makipagttagpo sana sa kanilang ina sa Alabang, Muntinlupa. Si Rose Ann na may sugat sa braso ay nasa pangangalaga noon ng Karapatan matapos makapagpyansa noong Mayo 29 at makalabas sa kustodiya ng militar na dumakip sa kanya sa isa umanong labanan noong Abril 15. Pagsapit ng tanghali, nag-text si Rose Ann

sa kanyang ina na may napansin silang sumusunod sa kanila. Pagkadampot ng militar sa magkapatid sa bandang Alabang mga alas-4 ng hapon, nakapag-text pa rin si Rose Ann habang dinadala na sila sa kampo militar.

Nang hanapin kinabukasan ni na Gng. Gumanoy at mga myembro ng Karapatan-ST ang magkapatid sa upisina ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP), itinangi ng militar na hawak nila ang dalawa. Subalit kinagabihan ay inamin na ng tagapagsalita ng Philippine Army na nasa kamay nila ang magkapatid at nasa Fort Bonifacio ang mga ito.

Nang puntahan ni Gng. Gumanoy kinabukasan ang kampo militar para makita ang kanyang mga anak, dinala siya sa ospital ng Fort Bonifacio kung saan pinaga-

galing umano sa sakit si Fatima at binabantayan ng dalawang babaeng sundalo. Naghahanda na sana ng mga gamit si Fatima para sumama sa kanyang ina, pero hinatak siya pabalik ng isang di nagsabing hindi maaaring umalis ang bata dahil mayroon umano siyang *urinary tract infection*. Hindi rin pumayag ang doktor na ilipat ni Gng. Guumanoy si Fatima sa ibang ospital o kahit man lamang matingnan si Fatima ng ibang doktor na dadalhin ng pamilya.

Kinabukasan, nang makitang muli ng kanyang ina si Fatima ay nakaratay na ito, putlang-putla, nangingitim ang labi at maraming pantal sa katawan. "Allergy" daw ang tumama kay Fatima, ayon sa doktor na naroroon, pero tigdas naman ang sinabi ng militar sa upisyal na pahayag nito. Naghihinala ang ina na ginamitan ng militar ng kung anong droga ang anak niya.

Noon din ay nasaksihan ni Gng. Guumanoy na pinipilit papirmahin ang magkapatid sa dokumentong nagsasaad na kusang-loob silang nananatili sa kamay ng militar. Ayon kay Gng. Guumanoy, hindi man umiiyak ang magkapatid, halatang-halata ang kanilang pagkatakot. Hindi rin pumirma sina Fatima at Rose Ann. Luhang pinabulaanan ni Gng. Guumanoy ang sinabi ng AFP na malaya silang nakapag-uusap na mag-iina sa ospital. Aniya, palaging nakabantay ang mga sundalo kapag kausap niya ang kanyang mga anak.

Dagdag pa ni Gng. Guumanoy, ang bantay na sundalo ang sumasagot sa halos lahat ng tanong niya kay Fatima, at sa bawat salita ni Fatima ay nakatingin siya sa sundalo. Kitang-kita ni Gng. Guumanoy ang takot na pinaiiral ng militar sa bata. Tagos din ang matinding sikolohikal na presyur at pananakot



Wala ring moral na katayuan ang AFP na sabihing sila ang mag-aalaga sa magkapatid na Guumanoy dahil sa walang puknat na pagbabanta na tinatanggap ng pamilya mula sa militar at dahil hindi pa naghihilot ang sugat na dulot ng pagpaslang ng AFP sa ama nila.

ng militar nang palitawin si Rose Ann sa idinaos nilang *press conference* para sabihing hindi sila dinukot ng militar at nang palabasin din si Fatima sa harap ng korte para sabihing voluntaryo siyang sumama sa militar at di siya sapilitang ibinibinbin sa ospital. Ipinaliwanag ni Fatima na hindi pa munna siya sasama sa kanyang ina dahil hindi niya pwedeng iwan ang kanyang ate na hawak pa ng militar at umano'y nagpapagaling pa sa ospital. Ginagawang *hostage* ng militar si Rose Ann para maipilit ang mga gusto nilang ipagawa at ipabigkas sa bunsong kapatid.

Naniniwala si Gng. Guumanoy na minamanipula ng militar ang kanyang mga anak para pagtakpan ang iligal na pagdukot at detensyon sa kanila. Aniya, kitang-kita ang matinding tortyur at presyur ng militar sa magkapatid upang itatwa ang krimen. Nang hilingin na niyang sabihin ng dalawang anak kung dinukot nga ba sila o hindi, ang sagot sa kanya ng magkapatid ay "Saka na lang, Nanay."

Ayon sa mga tagapagtuguyod sa karapatan ng mga bata, dapat kagyat na palayain ng militar si Fatima at ibalik sa pangangalaga ng ina dahil menor-de-edad at walang kinakaharap na kaso ang bata. Lalo siyang dapat ilipat sa pangangalaga ng kanyang ina kung mayroon nга siyang karamdaman, anila. Wa-

la ring ligal na dahilan para mahawakan pa ng militar si Rose Ann dahil nakypyansa naman siya. Dahil din sa kanyang karamdaman, dapat din siyang tuwirang maalagaan ng kanyang ina at pamilya.

Wala ring moral na katayuan ang AFP na sabihing sila ang mag-aalaga sa magkapatid na Guumanoy dahil sa walang puknat na pagbabanta na tinatanggap ng pamilya mula sa militar at dahil hindi pa naghihilot ang sugat na dulot ng pagpaslang ng AFP sa ama nila.

Ang pagdukot at pagdedetine ng AFP sa magkapatid na Guumanoy ay bahagi ng patuloy na panggigitpit sa kanilang pamilya na nagsimula bago pa man paslangin ang ama nila. Mula nang maging aktibo si Ka Eddie sa kilusang magsasaka ay hindi na tinantanan ng militar ang kanyang pamilya at ilang beses pa silang napilitang lumipat ng tirahan para makaiwas sa matinding harassment ng militar.

Hindi na bagong pangayari ang mga paglabag ng AFP sa karapatan ng mga bata, kabilang ang paggamit, pang-aabuso at pagmalupit sa mga bata para ipresyur ang kanilang mga magulang at iba pang myembro ng pamilya at ang mga palaban sa komunidad. Ang gayong pasistang gawi ng AFP at ng reaksyunaryong estado ay matinding paglabag sa karapatang-tao at karapatan ng mga bata. AB



Adyenda ng G8

Higit pang pagsasamantala sa mamamayan ng daigdig

Para sa mamamayan ng daigdig, walang saysay ang idinaos na tau-nang pagpupulong ng Group of 8 (G8) sa Hokkaido, Japan, nitong Hulyo 7-9. Pinagtakpan lamang ng pulong na ito ang responsibilidad ng mga imperyalistang bansa sa kasalukuyang pandaigdigang krisis sa ekonomya, patuloy na lumalalang problema sa kalikasan at laganap na kagutuman at sakit sa Africa.

Dumalo sa pulong ang mga kinatawan ng US, UK, France, Germany, Italy, Japan, Canada at Russia. Kasama rin dito ang European Union bilang pansiyan na myembro. Inimbitahan din ang China at India, ilan pang tinaguriang "umusbong na ekonomya," at mga kinatawan ng ilang bansa sa Africa.

Ani Professor Jose Maria Sison, tagapangulo ng ILPS International Coordinating Committee, walang anumang pag-amin ang G8 ng sariling responsibilidad sa paghihikahos ng mamamayan ng mundo. Iginiit lamang nito ang imperyalistang patak-rang "globalisasyon" at ang pandaigdigang krisis na idinudulot nito sa kapitalismo. Nagbulag-bulagan ito sa malawakang pinsalang dulot ng mga gera sa ngalan ng "anti-terorismo." Ang tunay na layon ng G8 ay paigtingin ang dominasyon ng mga myembro nito at magkamal pa ng supertubo sa kapisalaan ng proletaryado at mga mamamayan ng mundo.

Naging isang malaking palabas ang pulong na ito ng G8. Inadyenda nito ang paghahanap ng "solusyon" sa pag-init ng klima ng daigdig dulot ng pagkawasak ng kalikasan. Subalit hindi naman nito tinutukoy ang responsibilidad ng pina-

kamalalaking imperyalistang bansa sa malawakang pagkasira ng kalikasan. Bandang huli, walang naging resulta ang G8 kundi mga hungkag na pangako. Hindi nito inobliga ang mga bansa na gumawa ng mga hakbanging magbibigay-katuparan sa mga itinakdang target.

Lalong walang makabuluhang nakamit ang G8 tungo sa paglutas ng pandaigdigang krisis pang-ekonomya at lumalalang kakulangan at pagtaas ng presyo ng pagkain. Nanawagan lamang ito sa mga bansang may sapat na pagkain na tanggalin ang mga restriksyon sa pag-eeksport.

Sa usapin naman ng tuluy-tuloy na pagtataas ng presyo ng langis, nanawagan lamang ang G8 na palakihin pa ang produksyon ng langis para umano'y maibsan ang problema. Pinagtatakan nito ang kato-tohanang wala sa suplay ang problema at ang tunay na dahilan ng pagsirit ng presyo ng mga produkto ng petrolyo ay manipulasyon ng kartel sa langis at malalaking kapitalista sa pinansya para makahuthot ng higit pang supertubo.

Wala ring saysay ang binanalangkas ni-tong tulong para sa mga bansa sa Africa. Nangako ang G8 ng \$60 bilyong tulong sa loob ng limang taon para puksain umano ang laganap na pagkakasakit sa Africa. Kabilang dito ang 100 milyong kulambong eeksport nila para umano mabawasan ang paglaganap ng malarya roon. Pinagtatakan lamang ng G8 ang responsibilidad nito sa malawakang pinsala sa Africa at sa mundo sa kabuu-an. Ang aktwal na adyenda ng G8 sa likod ng "pagtulong" sa Africa ay ang pagkontrol ng mayamang mga deposito ng langis at likas na yaman doon.

AB





Pulong ng G8, inulan ng batikos at protesta

Bago pa magsimula ang pulong ng Group of 8 (G8) sa Hokkaido, Japan nitong Hulyo 7, malawakang mga kilos-protesta na ang inilunsad roon.

Ilang linggo bago ito, nagkamupo na ang mga aktibistang Hapones at kapanalig nilang mga dayuhan sa Sapporo, kabisera ng Hokkaido, malapit sa lugar ng pulong ng G8.

Hulyo 4. Dumagsa sa mga lansangan ng Hokkaido ang may 400 estudyante, aktibista, akademiko at mga Ainu (isang pambansang minorya) at iba pang aktibista mula sa US, Canada at iba pang bansa. Binatikos nila ang G8 sa pangnahin nitong responsibilidad sa paninira sa kalikasan na sanhi ng pag-init ng klima ng daigdig. Naglunsad din ng piket sa harap ng embahada ng Japan sa London, UK bilang pakikiisa.

Hulyo 5. Nagmartsa ang 5,000 Hapones at mga dayuhan sa mga lansangan ng Sapporo, samantlang may 1,000 naman ang nagtipun-tipon sa isang kalapit na parke. Nanawagan silang kagyat na tungan ng G8 ang lumalalang problema ng pag-init ng mundo at kahirapan. Inaresto ng pulisia ang tatlong aktibista at isang mama-mahayag na narooron. Binasag din nito ang salamin ng trak na kabilang sa protesta. Umani ito ng pagkundena ng mga aktibista sa Japan. Sa Germany, binatikos ng mga aktibista ang pang-aaresto sa pamamagitan ng paglulunsad ng rali sa harap ng embahada ng Japan sa Berlin.

Isandaang magsasaka at manggingisa naman ang naglunsad ng kasabay na kilos-protesta sa sentral na liwasan sa Sapporo. Iginiit nila sa G8 na dapat nitong pagtuan ng pansin ang kahirapan ng mga direktang prodyuser ng pagka-

in. Dinaluhan ang pagkilos ng mga kinatawan ng Oxfam International, isang *funding agency*, na nagsabing magkakawing ang usapin ng paginit ng mundo sa mapaminsalang pagsirit ng presyo ng pagkain.

Samantala, mahigit 20 South Korean na dadalo sana sa kilos-protesta ang hinarang ng mga awtoridad na Hapones sa paliparan pa lamang at tuluyang ipina-deport. Hinrarang din ang mga manggawa-wang mula pa sa Osaka, Japan.

Hulyo 6. Pinaligiran ng mahigit 20,000 pulis ang Hokkaido at nagpatupad ng *no-fly zone* sa hilagang bahagi ng isla. Pang-ilang araw na ito ng sunud-sunod na protesta ng mga aktibista sa naturang lugar, dala-dala ang mga isyu ng karapatan sa paggawa, pandaigdigang kagutuman at mga kaugnay na problema. Kabilang sa mga lumahok dito ang ilang kinatawan ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), na lagi ring sinusundan at ilang ulit na ininteroga ng pulisia tungkol sa pakay nila roon.

Naging makulay at mapanlikha ang mga demonstrasyon, na may mga awitan at tugtugan, maiigsing pangkulturang palabas, pagsuot ng ilang aktibista ng kani-lang mga tradisyunal na kasuotan, at pagsusuot naman ng ilan pa ng mga maskara ng mga larawan ng mga pinuno ng G8.

Hulyo 7. Pinanguna-

han ng mga Ainu ang martsa ng isang libong aktibista sa Lake Toya, Hokkaido. Samantala, hindi natinag ng ulan, nagmartsa rin nang 10 kilometro ang may 50 aktibista mula Shinrin Park hanggang Okishi sa parehong lugar. Nagpatuloy ang mga protestang ito hanggang Hulyo 9. Sa ibayong dagat, patuloy din ang pagbatikos ng mga aktibista sa kahungkagan ng G8 Summit at panunupil ng kapulisan sa mga pagkilos.

Pinaligiran ng mga pulis ang halos lahat ng demonstrasyon sa Japan habang nagmamartsa. Sustenido ang intimidasyon at pandarahas nila, na suportado rin ng militar. Gumamit pa ang gubyerno ng Japan ng apat na eroplanong pandigma at 12 barkong panggera para sa naturang pagtitipon. **AB**





Mga mangingisda, nagwelga laban sa tumataas na presyo ng langis

Mahigit 400,000 mangingisda sa Japan ang nagwelga noong Hulyo 15 laban sa tumataas na presyo ng langis. Sinabayan ito ng martsa ng 3,000 mangingisda sa mismong sentro ng Tokyo. Tinatayang umabot sa 200,000 bangka at *trawler* ang hindi naglayag noong araw ng welga. Tinutulan nila ang mabilis na pagsirit ng presyo ng mga produktong petrolyo at kawalan ng aksyon ng gubyerno sa kanilang mga hinaing. Gaya rin sa ibang bansa, nangako lang ang rehimeng Prime Minister Yasuo Fukuda na pag-aaralan nito kung paano sila matutulungan.

Una nang nagwelga ang mga mangingisda sa Japan noong Hunyo. Kinundena ng mga welgista ang pabalat-bungang pangako ng mga upisyal tulad ng paglalaan ng ₣10 bilyon (\$96 milyon o ₱4 bilyon) para sa pagtitipid ng enerhiya ng mga sektor na nahihiapan sa pagtaas ng presyo. Kabilang ang welga ng mangingisda sa Japan sa pinakahuling malawakang protesta ng

mga mangingisda sa buong mundo. Ang Japan ay isang arkipelago at malaki ang industriya nito sa pagngisda.

Sa Belgium, nagmartsa ang mga mangingisda, na karamihay mula sa France at Italy, sa harap ng hedkwarters ng European Union noong Hunyo 4 bilang protesta sa tumataas na presyo ng gasolina. Hiningi nilang ibaba nang 50% ang

presyo ng gasolina. Isinabay nila ang protesta sa miting ng European Parliament.

Noong Mayo 30, isang malawakang protesta ang inilunsad ng mga mangingisda mula sa Spain, Portugal, Italy, Belgium, The Netherlands, Greece at Scotland. Sa Spain, kung saan pinakamalaki ang bilang ng mga mangingisda sa buong Europe, buung-buong nakilahok sa welga ang mga mangingisda at nanawagan sa gubyerno na ibaba ang presyo ng langis. Namigay ng tone-toneladang isda ang mga mangingisda ng Madrid (kabisera ng Spain) sa mamamayan para ipakita na mas mabuti pang ipamigay ang huli nila dahil sa matindi nilang pagkalugi bunga ng mataas na gastos. Sa Italy, nagwelga rin ang mga mangingisda at sinaraduhan nila ang mga daungan bilang protesta sa tumataas na presyo. Nagwelga ang mga mangingisda sa Portugal bilang suporta sa panawang magprotesta laban sa tumataas na presyo ng langis.

Sa Britain, nagtungo sa London ang mga mangingisda upang ipaabot ang kanilang pagtutol sa tumataas na presyo ng langis at ang agarang tulong sa industriya. Halos sabay ito sa malawakang welga noong Mayo 28 ng mga drayber ng trak kung saan ibinarikada nila ang kanilang mga trak sa mga lansangan.

Samantala, noong Hulyo 10, naglunsad ng isang araw na pambansang welga ang malaking unyon ng mga manggagawa sa Peru, ang Confederación General de Trabajadores del Perú o CGTP, laban sa mga anti-mamamayang patakaran sa ekonomya ng rehimeng Pres. Alan Garcia at ang mabilis na pagsirit ng mga presyo. Dahas ang isinagot ng rehimeng nang arestuhin ng mga pulis ang mahigit 200 katao bukod pa sa mga nabatuta at natirgas. AB



Mga komuna sa Nepal

*Ang artikulong ito ay hango sa The Red Star, isang pambansang *pahayagang* inilalathala ng Communist Party of Nepal-Maoist.*

Umiiral ngayon sa Nepal ang apat na ganap na komuna na itinatag ng mamamayan sa pamumuno ng Communist Party of Nepal-Maoist. Dalawa rito ay nasa distrito ng Rolpa na nagsilbing sentro ng pakikidigmang gerilya nitong nakaraang mahigit 10 taon.

Itinuturing na pinakamalaki ang komunang Ajambari na nasa Thawang, Rolpa. Itinatag ito matapos sapilitang lumikas ang taumbaryo sa kanilang komunidad dulot ng militarisasyon ng mga pwersa ng Royal Nepal Army (RNA). Matapos matagumpay na paatrasin ng mga Pulang gerilya ng People's Liberation Army (PLA) ang RNA, itinayo na ng taumbaryo ang kanilang komuna para mapatatag ang kanilang komunidad. Nasa Jaljala, Rolpa naman ang ikalawang komuna.

Ang isa pa ay itinatag noong 1998 sa distrito ng Jajarkot sa kan-

lurang Nepal na tinawag na "Juni Commune". Nagsimula ito sa layong pangalagaan ang kapakanan at kagalingan ng mga pamilya ng mga biktima ng militarisasyon, mga masaker at iba pang paglabag sa kapatang-tao ng mga pwersa ng dating monarkiya. Ang pang-apat ay nasa Balidum sa distrito ng Rukum. Ang naturang mga lugar ang pinakamatatag na base ng PLA.

Aktibong lumalahok ang lahat sa gawaing produksyon ng komuna, habang sinisikap tugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng kasapi nito. Katuwang ang mga Pulang gerilya, itinayo rito ang mga pa-

aranan, ospital, bangko at iba pang institusyon pangserbisyo. Sa ilang komuna, mayroon nang mga hotel at restawran.

Nagtatrabaho sa mga sakahan ang lahat ng nasa wastong edad habang may nakatalaga sa pangangalaga sa matatanda at mga bata. Sentralisado ang paggawa at produksyon upang matiyak ang saligang pangangailangan ng mga myembro ng komuna laluna sa harap ng pandaigdigang krisis sa pagkain at langis. Dagdag dito, naggawa na rin ang mga komuna ng sariling produkto tulad ng sabon, kendi, sapatos, biskwit at pambabal na yari sa telang *pashmina* (isang klase ng lana).

Ang mga myembro ng mga komuna ay mula sa iba't ibang saray at uri. Malaya at demokratikong nagsasama rito ang mga mamamayan mula sa iba't ibang pambansang minorya at *caste* (tradisyunal na makauring pagkahati ng mga lipunang dominado ng Hinduismo). Pantay ang turing sa kalalakihan at kababaihan, kaiba sa sistemang pyudal. Unti-unti na ring pinapawi ang mga pamahiin at atrasadong kagawian na mula sa lumang kawayusan.

Dagdag sa apat na ganap na komuna ngayon sa Nepal, umiiral din ang mahigit 50 kooperatibang komuna sa bansa.

Pinatutunayan ng ilang taon nang pag-iral ng mga komuna ang superyoridad nito sa pyudal na sistema sa larangan ng produksyon at hatian ng nililikhang produkto. Dahil sentralisado ang produksyon, mas mataas ang produktibidad ng komunidad. Napakikinabangan ang lahat ng mga rekureso at mas mayos na nailalaan ang mga ito. Hindi maikakaila na mas mataas ang antas ng kanilang buhay at kabiuhyan sa ilalim ng sistemang komuna.

AB

Popularidad ni Arroyo, muling sumadsad

SADSAD na naman ang popularidad ni Gloria Arroyo. Ayon sa pinakahuiling sarbey ng Social Weather Stations (SWS), 60% ng mga Pilipino ang hindi nasisiyahan sa trabaho ni Arroyo. Mas mababa pa ngayon ang grado ni Arroyo kaysa noong Marso, nang lumabas sa sarbey ng SWS na 54% ang di nasisiyahan sa panunungkulan niya.

Lumabas din sa pinakabagong sarbey ng SWS na lahat ng uri sa li-punan, mula sa pinakamababa hanggang sa mga panggitna at naghaharing uri ay pare-parehong hindi nasisiyahan sa kanya. Ganito rin sa pangkalahatan ang resulta sa iba't ibang rehiyon ng bansa, at sa kanayunan at kalunsuran. Si Arroyo rin ang lumalabas na may pinaka-

mababang grado sa lahat ng naging presidente ng bansa mula noong 1986.

Ayon kay Sen. Aquilino Pimentel, isa sa mga kritiko ni Arroyo, si-nasalamin ng sarbey ang pagkamuhi ng mamamayan sa kawalang-kayahan ng administrasyong Arroyo at sa masama nitong pagpapatok sa gobyerno, korapsyon at dinalulutas na mga ekstrahudisyal na pagpatay at pagdukot.

Ang sarbey ay resulta ng mga interbyu sa 1,200 katao mula sa Metro Manila at iba't ibang prubinsya sa Luzon, Visayas at Mindanao mula Hunyo 27-30.

200,000 sakong bigas, nabubulok sa bodega ng NFA

NAGPIKET ang mga kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Panay sa panrehiyong tanggapan ng National Food Authority (NFA) sa Iloilo City noong Hulyo 15 para tuligsain ang mga upisyal ng NFA-Region VI sa pagwawalambahan nila sa nabubulok na libu-libong sakong bigas sa bodega nito.

Anang isang lider ng PAMANGGAS, isang organisasyon ng mga magsasakang kabilang sa BAYAN, habang nagugutom ang mamamayan dahil sa napakataas na presyo ng bigas ay hinahayaan naman ng NFA na mabulok ang may 200,000 sakong bigas (na nagkakahalagang ₱182.5 milyon sa presyong ₱18.25 kada kilo) sa bodega nito sa Quintin Salas, Jaro.

Sa mga lugar na pinakamatin-ding sinalanta ng bagyong "Frank," pinakamatarik na ang pagtaas ng presyo ng bigas at wala nang mabilng bigas na NFA. Nailutat na umaabot na sa ₱70 ang isang kilo o ₱150 ang isang salop ng komersyal na bigas sa Aklan.

Inililihim ng mga kumpanya ng langis ang laki ng kanilang supertubo—Ibon


SADYANG pinabababa ng mga lokal na subsidiaryo ng mga higanteng kumpanya ng langis ang iniulat nilang tubo. Ayon ito sa pananaliksik ng IBON Foundation. Ayon sa IBON, umabot sa ₱10.5 bilyon lamang ang iniulat na pinagsamang tubo noong 2007 ng mga lokal na subsidiaryo ng Royal Dutch Shell, Chevron at Aramco, subalit ayon naman sa ulat ng kanilang mga *mother company*, tuma-tagting na \$62 bilyon (o ₱3.1 trilyon sa palitang ₱50:₱1) ang kinita ng mga ito.

Iniulat ng Pilipinas Shell na ₱4.12 bilyon lamang ang tubo nito noong isang taon, samantalang lumabas sa ulat ng Royal Dutch Shell na \$27.6 bilyon (o ₱1.38 trilyon) ang kinita ng kumpanya nito sa Pilipinas. Ang Chevron Philippines naman ay nag-ulat ng ₱2.75 bilyon lamang na tubo habang \$18.7 bilyon (o ₱935 bilyon) ang iniulat ng Chevron na kinita ng lokal nitong yunit sa bansa. Ang Aramco na nagmamay-ari noon ng Petron ay nagsabing mga \$15 bilyon (o ₱750 bilyon) ang kinita ng lokal na kumpanya nito samantalang ₱5.94 bilyon lamang ang iniulat ng Petron.

Kunwa'y mas mababa ang tubo na iniulat ng mga lokal na subsidiaryo sa Pilipinas para makaiwas sa malaking buwis at para gawin itong sangkalan sa patuloy na pagpapataas sa presyo ng mga produktong petrolyo. Iniuulat naman ng kanilang mga *mother company* sa ibayong dagat ang tunay na kita ng mga lokal nilang kumpanya para tumaas ang halaga ng kanilang mga sapi.

Samantala, itinaas na naman ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng kanilang mga produkto nitong Hulyo 19. Nagpataaw ng karagdagang ₱3 kada litro sa presyo ng *diesel* at gaas at ₱1 sa gasolina at iba pang produkto. Ito na ang ika-20 at pinakamalaking dagdag sa presyo ng mga produktong langis.

Lumabas na isang malaking palabas ang pagtataas na ito nang ianunso naman ng Malacañang kinabukanan na babawasan ng ₱1.50 kada litro ang presyo ng *diesel* matapos na diumanong makisap si Gloria Arroyo sa mga kumpanya ng langis. Sa ganitong hakbangin, napagmumukhang bida si Arroyo habang inilulusot ng mga kumpanya ng langis ang ₱1.50 pagtaas sa kada litro sa *diesel*.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIX Blg. 14

Hulyo 21, 2008

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Mag-ipon ng lakas para sa mapagpasyang laban sa rehimens

Walang anumang palatandaan na papayag si Gloria Arroyo na basta na lamang lumisan sa Malacañang pagkatapos ng kasalukuyan niyang termino. Katunayan, ang lahat ng mga hakbang niya ngayon ay nakatuon sa patuloy na pangungunyapit at higit na pagpapakasa sa kapangyarihan. Subalit sa katuus-tuusan, bibiguin siya ng lumbabang mamamayan.

Kabi-kabıla ang pagsisikap ni Arroyo na linlangin ang mamamayan, habang paspasang nag-ipon ng bilyun-bilyong pondo para sa iba't iba niyang pakana para makapanatili sa poder. Kalinsabay, inihahanda na rin ni Arroyo ang higit pang persistang panunupil laban sa nagpapanibagong-lakas at inaasahang mag-iibayo pang mga pagkilos laban sa kanyang patuloy na paghahari.

Araw-araw, nag-iisip sina Arroyo at kanyang mga alipures ng bagong mga pakana na kunwa'y para sa naghihirap na mamamayan, pero sa katunaya'y para lamang sa sari-ling interes at pagpapatagal pa sa kapangyarihan ng kani-lang pangkatin. Ang mga ito ay dili iba't mga pakulo para

palabasing inaalalayan ng Malacañang ang mamamayan sinasaklot ng kahirapan. Ibinubulsa lamang nina Arroyo ang bulto ng bilyun-bilyong pisong pondong "pansubsidyo" mula sa "Katas ng VAT" at iba pang rekuadro ng bayan katulad ng ginawa nila sa "fertilizer fund" at iba pang katulad na malalaking pondo sa nakaaraan.

Tanda ng marami pang anomalyang pinaghahandan ni Arroyo ang pagtatalaga ngayon sa tapat niyang



Mga tampok sa isyung ito...

Walang awat na mga kilos protesta PAHINA 4

12 armas nasamsam sa Davao delsur PAHINA 4

Arroyo, ginulantang ng mga TO sa Masbate
PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com